a Reason to Celebrate

# Ang Diyos ng Kapayapaan

WEEK 3

## WARM-UP

- May natatandaan ka bang isang bagay na ipinangako sa ‘yo noong bata ka? Ano ang naramdaman mo nang matupad ito?
- Ano ang mga katangiang hinahangaan mo sa isang lider o namumuno? Ibahagi kung bakit mahalaga ang mga ito sa iyo.
- Naranasan mo na bang makipagkasundo sa isang taong nagkaroon ka ng hindi pagkakaunawaan? Ibahagi kung ano ang naramdaman mo pagkatapos nito.

## WORD

6 *Ipapanganak ang isang batang lalaki na maghahari sa amin. Tatawagin siyang, “Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, at Prinsipe ng Kapayapaan.”*
7 *Hindi magwawakas ang pag-unlad ng kanyang pamamahala, at maghahari ang kapayapaan. Siya ang magmamana ng kaharian ni David. Patatatagin niya ito at paghahariang may katarungan at katuwiran magpakailanman. Sisiguraduhin ng Panginoong Makapangyarihan na matutupad ito.* **ISAIAS 9:6–7**

Sa gitna ng mga nangyayari sa buong mundo, madaling mabahala. Ang isipan natin ay madaling mapuno ng mga takot, katanungan, at mga kaisipang puno ng pagkabahala. Subalit ang Diyos—sa pamamagitan ng kapanganakan ni Cristo—ay nagbigay ng magandang pangako ng kapayapaan (*shalom*), na higit pa sa kawalan ng tunggalian o pagkabahala. Ito ay isang kalagayan na may pagiging ganap, pagkakaisa, at kaligtasan—na higit pa sa mga pagsubok at mahihirap na panahon. Ngayon, titingnan natin kung paano maipapanumbalik ni Jesus ang ganap na kapayapaan sa Diyos at kung paano Niya tayo pamamahalaan nang may katarungan at katuwiran.

## 1 Si Jesus ang ipinangakong Hari na maghahatid ng kapayapaan.

*Ipapanganak ang isang batang lalaki na maghahari sa amin. Tatawagin siyang, "Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, at Prinsipe ng Kapayapaan."* **ISAIAS 9:6**

Sa panahong may nagaganap na digmaan at patuloy na pagkabalisa, ang mga mamamayan ng Israel ay nakatanggap ng pangakong dakilang tagapagligtas. Bagama't ang katuparan ng pangakong ito ay tila malayo pa at imposible, natupad ito makaraan ang ilang daang taon (Juan 1:14). Ang katulad na pangako ay para sa atin din, maging sa kasalukuyan. Bagama't nabubuhay tayo sa isang mundong puno ng kalituhan at kaguluhan, pumarito si Jesus upang iligtas tayo at maghari bilang Prinsipe ng Kapayapaan. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Filipos 4:7 tungkol sa perpektong kapayapaan ng Diyos? Paano napuno ng Kanyang kapayapaan ang puso mo sa gitna ng kaguluhan at kawalan ng katiyakan?

## 2 Ang kaharian ng Diyos ay kakikitaan ng patuloy na lumalagong kapayapaan.

*Hindi magwawakas ang pag-unlad ng kanyang pamamahala, at maghahari ang kapayapaan. Siya ang magmamana ng kaharian ni David. Patatatagin niya ito at paghahariang may katarungan at katuwiran magpakailanman. Sisiguraduhin ng Panginoong Makapangyarihan na matutupad ito.* **ISAIAS 9:7**

Bagama't ang buhay ay panandalian lamang, ang kaharian ng Diyos ay hindi panandalian. Patuloy itong lalago at lalaganap sa iba't ibang bahagi ng mundo sa pamamagitan ng buhay ng Kanyang mga mamamayan. Ang kahariang ito ay isang bagay na maaari nating pananabikan, maging sa kasalukuyan, dahil si Jesus ay pumarito hindi bilang isang simpleng tagapaghayag o tagapagbalita ng kapayapaan. Dumating siya upang maghatid ng kapayapaan bilang isang pinuno at tagapamahala—ang Hari—ng kahariang ito. Ano ang sinasabi ng Daniel 2:44

tungkol sa kaharian ng Diyos? Paano tayo magkakaroon ng lakas ng loob sa harap ng mga pagsubok, nang may kaalaman na maaari nating maranasan ang patuloy na lumalagong kapayapaan ng Diyos?

## 3 Nais ng Diyos na maghatid ng kapayapaan sa mundo.

*“Purihin ang Diyos sa langit! May kapayapaan na sa lupa, sa mga taong kinalulugdan niya!”* **LUCAS 2:14**

Nang ipanganak si Jesus, isang grupo ng mga anghel ang nagbalita sa mga pastol tungkol sa Kanyang kapanganakan. At nagbigay sila ng papuri sa Diyos dahil sa kapayapaang ihahatid Niya. Labis tayong minamahal ng Diyos kung kaya’t nais Niyang maranasan natin ang kapayapaang ito. Ito ay kapayapaan na Siya lamang ang makapagbibigay, anuman ang sitwasyon natin ngayon. Kung magtitiwala tayo kay Cristo, at maniniwala sa Kanya, ang Kanyang ganap na kapayapaan ang maghahari sa buhay natin. Tayo ay napapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya at nagkakaroon ng kapayapaan sa Diyos. Mararanasan din natin ang pagkakaroon ng kapayapaan sa ating sarili at sa ating kapwa. Ano sa palagay mo ang itsura ng pagkakaroon ng kapayapaan sa iyong komunidad?

## APPLICATION

- Mayroon bang pangako sa salita ng Diyos na hanggang ngayon ay hinihintay mong matupad? Ano ang maaari mong gawin upang manatili kang matatag sa iyong pananampalataya habang hinihintay mo ito?
- May kakilala ka bang nakikipagtunggali sa mga kaisipang nagdudulot ng pagkabahala? Paano mo matutulungan ang taong ito upang makita niya ang kapayapaan at kapahingahan sa Diyos ngayong linggo?
- Paano mo naranasan ang kapayapaan ng Diyos sa buhay mo? Ibahagi ito sa ibang tao ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang ganap na kapayapaan na naparito sa mundo sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Pasalamatan Siya dahil maaari nating maranasan ang dakilang kapayapaan ng Kanyang kaharian.
- Ipanalangin ang kakayahang panghawakan ang Kanyang mga pangako, gaano man katagal abutin ang katuparan nito. Ipahayag ang Kanyang pamamahala at paghahari sa buhay mo at sa iyong pamilya.
- Hingin sa Diyos na ilagay sa isip mo ang isang tao na kailangang makaranas ng Kanyang kapayapaan ngayon. Ipanalanging mapangalagaan ang puso at isipan niya ng kapayapaan ng Diyos na higit pa sa kakayahan nating maunawaan.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph